# Gabay sa Orasyon

Pag-uusapan ko rito kung ano ang orasyon at ang tamang proseso sa paggamit nito.

## Ano ang Orasyon?

Ang orasyon ay mahiwagang salita na galing sa ibang mundo. Isang halimbawa na nito ay ang Latin. Ang Latin ay parang English ng mga engkanto na kumalat na salitang alam ng karamihan sa mga nilalang sa ibang mundo - maging anghel, engkanto at iba pa.

Maraming iba't ibang wika ang kabilang mundo. Napakaraming lugar sa kabilang mundo at bawat lugar ay may natatanging wika. Kasama pa rin yun sa mga orasyong posibleng makuha ng tao sa spiritwal na pag-aaral.

## Paano Makakuha ng Orasyon?

Ang rekomendasyon ko sa pagkuha ng orasyon ay hindi kumuha ng orasyon mula sa mga tao na nakakuha lang din ng orasyon mula sa kapwa nilang tao. Marami sa orasyong kumakalat sa internet, mga sekta at mga kulto ngayon ay may kasama ng maling salita sa orasyon na makakadulot ng sakit, kamatayan o pagkasira ng ulo sa katagalan ng paggamit nito.

Ang imumungkahi ko na pamamaraan ng pagkuha ng orasyon ay ang pagsikap sa FREE 3rd Eye Meditation na tinuturo ko para direkta kayong makakuha ng mga orasyon mula sa mga engkanto, anghel o Diyos. Kung gusto mo talaga maging malakas ang orasyong makuha mo, magmisyon ka sa turo kong Landas papunta sa Panginoon:

www.ericroxas.com/misyon

Pwedeng ipadaan ang orasyon sa panaginip, meditation o pagbulong sa hangin.

## Paano ko malalaman ano ibig sabihin ng Orasyon?

Magsikap din kayo na matutunan kung ano ang ibig sabihin ng bawat salita sa orasyon para malaman kung ano ang purpose ng orasyon at kung may maling salita bang nakapaloob sa orasyon. Magagawa ito sa pagmeditate sa turo ko na FREE 3rd Eye Meditation at lalo na sa pag-Misyon.

Kung kailangan niyo ng tulong, pwede rin kayong magpa-translate sa amin ng makukuha niyong orasyon. May bayad po ang ganitong serbisyo at ang presyo ay nakadepende sa haba at kapangyarihan ng orasyong ipapa-translate niyo sa amin. Sabihin namin saan galing ang orasyon at ang ibig sabihin ng mga salitang nakapaloob sa orasyon.

## Paano ingatan ang orasyon?

Ang tunay na malakas na orasyon ay hindi binabahagi sa lahat. Sikreto ito ng mismong binigyan ng orasyon na para lang sa kanya.

Kung makakuha ka ng orasyon direkta sa itaas dahil sa pagsikap mo sa FREE 3rd Eye meditation na turo ko, congrats. Wag mo sabihin kahit kanino.

## Paano Gamitin ang Orasyon?

Kailangan sambitin ng paulit-ulit ang orasyon ayon sa gaano karaming beses ang karapat-dapat para sa orasyong iyon. Pwedeng 3x, 5x, 7x, 13x, 33x, atbp.

Pwedeng sa isipan lang o pwedeng sabihin sa bibig. Ang ilang orasyon nga ay kailangan nasa isipan lang at hindi pwedeng sabihin sa bibig.

Kailangan din ay patuloy na pinapakain ng dasal ang orasyon para gumana ito.

Maganda ay isulat mo rin ang lahat ng mga orasyon mo sa isang libro ng orasyon para mas madali mo na lang pakainin ng dasal ang lahat ng mga orasyon mo araw-gabi.

## Paano Gumawa at Gumamit ng Libro ng Orasyon?

Dapat ay pahalagahan mo ang lahat ng orasyong matanggap mo. Isulat mo sa malinis na mga papel. Ang sa akin ay nasa isang journal o notebook para maisarado talaga kung kailangan at hindi lang malagyan ng dumi ang mga papel.

Ilagay sa altar o sa mataas na lugar ang libro ng orasyon. Katulad ng mga mahiwagang gamit at perlas, makapangyarihan ang mga orasyon at hindi pwedeng malakaran. Huwag ilagay sa ilalim ng mga hagdan o saan man malalakaran ng tao.

Ang makalakad sa mga mahihiwagang gamit, perlas o orasyon ay magkakaroon ng sakit at maaaring ikamatay ito kung palaging gawin. Kung nakalakad kayo sa isang mahiwagang gamit, maglakad lang kayo pabalik at magsorry sa nagawang mali.

Ang libro ng orasyon ay magagamit niyo para mas mabilis na lang ang pagpapakain sa lahat ng kapangyarihan at kakayahan niyo kasi Ito ang hihipan niyo sa Pagpapalakas na bahagi ng Gabay sa Pagdasal.

## Paano Pakainin ng Dasal ang Orasyon?

Sa Gabay sa Pagdasal, naroon ang Pagpapalakas na bahagi at isama rin sa pagpapalakas ang mga orasyon.

www.ericroxas.com/gabaydasal

Pagkatapos ng 3 Ama Namin, 3 Aba Ginoong Maria at 3 Luwalhatim sabihin ang Amen Hesus tapos hipan ang perlas at libro ng orasyon - pagkatapos nito ay sambitin na ang lahat ng mga orasyong inaalagaan mo para lumakas.

Maganda ay sa 7 linggo o 49 araw ay patuloy mong sambitin ang orasyong inaalagaan pagkatapos ng Pagpapalakas na dasal para tumatak sa spirito mo ang orasyon bago mo gawin ang pag-ihip na lang sa libro ng orasyon kasama na rin sa pag-ihip mo sa perlas.

## Gaano Kadalas Dapat Pakainin?

Pinakamaganda ay magdasal ka ng isang beses sa umaga at isang beses sa gabi para magdasal gamit ang Gabay sa Pagdasal. Kung hindi talaga kaya ng schedule mo, at least isang beses sa gabi dapat.

Kung hindi mo mapakain ang mga orasyon ng dasal, ikaw ang kakainin niyan. Maaaring manghina ang katawan mo kung di ka makadasal kasi kakainin ang lakas mo ng orasyon. Buhay at makapangyarihang mga salita ang orasyon at kailangang pakainin para wala kang problema sa kanila at gumana sila para sa pakinabang mo.

## Huling salita tungkol sa orasyon

Hindi basta-basta ang orasyon. Napakalakas nito kung marunong gumamit ang tao. Tratuhin ito ng may pinakamalaking respeto.

Ang dila ay maaaring pinakamatulis na sandata kung marunong kang gumamit nito ayon sa orasyon.

Sana gamitin mo lang ayon sa kalooban ng Diyos - sa kabanalan.

## Tulong tungkol sa orasyon

Gaya ng binanggit ko kanina, kung kailangan niyo ng tulong sa pag-translate ng orasyon, may serbisyo po kami na ang bayad ay nakadepende sa kapangyarihan at haba ng orasyon.

**Isulat niyo ang orasyon sa papel tapos picture-an niyo para ipadala sa akin.**

**Makakasira ng cellphone niyo ang pagtype ng totoong orasyong malakas sa cellphone.**

Pakisigurado po na ang orasyon ay malinaw ang pagkakasulat na madaling maintindihan ang pagkakasulat.

Kung interesado kayo ay i-message niyo lang ako sa www.facebook.com/eroxyyy o email ako sa eric@ericroxas.com.

www.ericroxas.com/translateorasyon

Maraming salamat po at God bless!